# Mga Protokol sa Muling Pagbubukas ng mga Opisina na Lugar ng Trabaho: Appendix D

## Epektibo mula: Huwebes, Mayo 6, 2021

**Kamakailang mga Pagbabago:** (Ang mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

**5/5/2021:** Binago para paganahin ang pag-okupa sa hanggang 75% ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) batay sa naaangkop na mga building o fire corde. Binago ang mga inaatas/kinakailangan sa paglilinis upang ihanay sa binagong patnubay sa paglilinis ng CDC. Ang wika sa pagsusuri (screening) ay nabago na. Ang mga opisina na lugar ng trabaho na pinahihintulutan lamang ang mga taong ganap nang nabakunahan na siyang naroon sa mismong lugar na pasa opisina ay maaaring iupo ang mga empleyado na mas malapit pa sa 6 na talampakan ang layo.

Ang mga rate ng kaso, mga pagpapaospital, at mga kamatayan ng COVID-19 ay bumaba na sa ilan at tila matatag na, ngunit ang COVID-19 ay patuloy na nagbabadya ng mataas na panganib sa mga komunidad at inaatasan ang lahat ng mga tao at mga negosyo na gumawa ng mga pag-iingat at baguhin ang mga operasyon at aktibidad para bawasan ang panganib ng pagkalat.

Dahil sa ang Los Angeles County ay pumapasok sa "Dilaw na Tier" (Yellow Tier) ng Plano ng Estado para sa isang balangkas ng Mas Ligtas na Ekonomiya (State's Blueprint for a Safer Economy framework), ang protokol na ito ay nabago para alisin ang ilang mga paghihigpit na partikular sa lokal na aktibidad. Ang mga Opisina na Lugar ng Trabaho (Office Worksites) ay dapat na magpatuloy ng may pag-iingat at sumunod sa mga inaatas sa protokol na ito para bawasan ang potensyal na pagkalat ng COVID-19 sa loob ng kanilang mga operasyon ng negosyo.

Ang protokol na ito ay binabalangkas ang mga modipikasyon ng pampublikong kalusugan para tulungan ang mga opisina na lugar ng trabaho na manatiling sumusunod sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng Los Angeles County. Ang mga sumusunod na isyu ay kritikal at dapat na tugunan para masiguro na mababawasan ng mga manggagawa at mga konsumer ang panganib ng pagkalat habang tayo ay nagbabago patungo sa isang mas bukas na yugto (more open phase):

(1) Pagpoprotekta at pagsusuporta sa kalusugan ng empleyado at kostumer
(2) Pagsisiguro sa naaangkop na pisikal na pagdistansya (physical distancing)
(3) Pagsisiguro sa wastong pagkontrol ng impeksyon
(4) Pakikipag-usap sa publiko
(5) Pagsisiguro ng pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga serbisyo

Ang limang mga pangunahing aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Tandaan na ang mga Opisina na Lugar ng Trabaho na nagpapatakbo ng mga establisyemento ng tingi (retail establishments), mga restawran o mga gym at fitness ay dapat na sumunod sa mga sumusunod na protokol, kung naaangkop:

- ❑ Mga Protokol ng DPH para sa mga Establisyemento ng Tingi
- ❑ Mga Protokol ng DPH para sa mga Restawran
- ❑ Mga Protokol para sa mga Establisyemento ng Gym at Fitness
- ❑ Mga Protokol ng DPH para sa mga Pribadong Kaganapan Mga Pagpupulong/Resepsyon/Kumperensya

Retirado - Wala ng Epekto

Retirado - Wala ng Epekto

**Ang lahat ng mga negosyo na saklaw ng patnubay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.**

**Pangalan ng Negosyo:** ______________________

**Addres ng Pasilidad:** ______________________

**Pinakamaraming Okupante, kada Code ng Gusali (Building Code):** ______________________

**Tinatayang kabuuan sa talampakang kuwadrado ng espayo na bukas sa publiko:** ______________________

**Petsa ng Pagpapaskil:** ______________________

## A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO (WORKPLACE/WORKSITE) PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (I-CHECK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- ❑ Ang lahat ng maaaring magsagawa ng kanilang mga trabaho sa bahay ay inaatasan na gawin ito.
- ❑ Ang mga kawaning mahihina sa sakit (mga taong higit sa 65 ang edad, mga buntis, at mga may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay pagkalooban ng trabaho na maaaring gawin sa bahay kailanman maaari, at dapat na talakayin ang anumang mga pagkabahala sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o mga serbisyo sa katungkulang pangkalusugan (occupational health services) upang makagawa ng mga wastong desisyon sa pagbalik sa lugar ng trabaho.
- ❑ Isinaayos ang mga proseso sa trabaho hangga't maaari upang maparami ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay.
- ❑ Salit-salitan, halinhinan o shift na mga schedule ay pinasimulan para mapakinabangan ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Mga karagdagang proteksyon tulad ng mga paglilipat sa tungkulin sa trabaho na nagpapahintulot sa mga empleyadong mahihina sa sakit na magtrabaho sa bahay kailanman maaari.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung sila ay may sakit. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng DPH para sa sariling pagbubukod at pag-quarantine kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa pagpasok (entry screenings) ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado, mga tagapagtinda, mga tauhan sa paghahatid, at iba pang mga bisita alinsunod sa gabay sa Pagsusuri sa Pasukan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa lagnat o panggiginaw, ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at biglaang pagkawala ng panlasa o pang-amoy at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin sa pagdating ng empleyado o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga empleyado na may mga ganitong sintomas ay hindi dapat pumasok sa lugar. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
  - o Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang

Retirado - Wala ng Epekto

pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.

- Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
  - Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan [1]laban sa COVID-19 at nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
  - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation

- ❑ Ang mga manggagawa ay pinagkakalooban ng impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng mga empleyado sa bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng 2021 COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave Law.
- ❑ Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o nagkaroon ng mga sintomas katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na inihanda upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pagbubukod sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na naka-bukod na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay sa pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.
- ❑ Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ang natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat iulat ang kumpol na ito sa Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o sa online sa http://www.redcap.link/covidreport. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala ng kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad. Kakailanganin ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ang agarang kooperasyon ng pasilidad para matukoy kung ang kumpol ng mga kaso ay bumubuo sa isang pagkalat ng COVID-19.
- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na maskara sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa COVID-19 ng LAC DPH sa http://publichealth.lacounty.gov/acd/ncorona2019/masks. Ang maskara sa mukha ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga sa mukha (face shield) na may maluwag na tela sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin. Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga maskara sa

[1]Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

mukha sa lahat ng oras maliban kapag nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na may saradong pinto o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga hanggang sa karagdagang abiso.

- ❑ Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.
- ❑ Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
  - o Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pagpapahinga; at
  - o Halinhinan sa panandaliang pagpapahinga (breaks) o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid at panandaliang pagpapahinga; at
  - o Paglalagay ng mga mesa na hindi bababa sa walong talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggal o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na labhan araw-araw, kung naaangkop, o palitan ang kanilang mga maskara sa mukha.
- ❑ Ang lahat ng mga okupadong mesa, indibidwal na estasyon ng trabaho, o mga indibidwal na nasa linya ng produksyon ay pinaghihiwalay nang hindi bababa sa 6 na talampakan maliban kung may mga pangyayari na nangangailangan ng mas malapitang kontak sa maikling panahon.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado, tagapagtinda at tauhan sa paghahatid ay binigyan ng mga tagubilin tungkol sa pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya at paggamit ng maskara sa mukha kapag nasa paligid ng ibang tao.
- ❑ Ang mga silid ng panandaliang pahinga, mga banyo, at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay dinidisimpekta sa dalas na inilarawan sa ibaba, ngunit hindi bababa sa isang beses araw-araw, sa sumusunod na iskedyul:
  - o Mga Silid ng Panandaliang Pahinga ______________________________
  - o Mga Banyo ________________________________________
  - o Iba pa ________________________________________
- ❑ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

________________________________________________________

- ❑ Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

________________________________________________________

Retirado - Wala ng Epekto

Retirado - Wala ng Epekto

- ❑ Ang sabon at tubig ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ______________________________________________

- ❑ Ang mga empleyado ay pinapayagan na madalas tumigil sa trabaho para hugasan ang kanilang mga kamay.
- ❑ Ang mga manggagawa ay binibigyan ng oras sa kanilang mga trabaho upang matupad ang mga pagsasanay sa paglilinis. Ang mga pagtatalaga sa paglilinis ay dapat na italaga sa mga oras ng trabaho bilang bahagi ng mga tungkulin ng empleyado.
- ❑ Hangga't maaari, ang bawat manggagawa ay inilaanan ng kanilang mga sariling kasangkapan, kagamitan at tinukoy na lugar ng trabaho. Ang pagsasalo-salo (sharing) sa mga lugar ng trabaho at mga nahahawakang bagay ay pinadalang na o tinanggal na. Kung saan ang mga bagay ay dapat na paghiraman, ang mga ito ay dinidisimpekta minsan sa isang araw, kabilang ang mga sumusunod: pinaghiramang mga kagamitan sa opisina tulad ng copiers, fax machines, printers, mga telepono, keyboards, staplers, mga ibabaw sa mga lugar ng tanggapan o reception areas, mga pinagsasaluhang estasyon ng trabaho, atbp., gamit ang isang panlinis na angkop para sa pang-ibabaw o surface.
- ❑ Ang mga kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi sa lahat ng mga empleyado.
- ❑ Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

  ______________________________________________

## B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDIDISTANSYA

- ❑ Ang mga negosyo na nakabatay sa opisina na kailangang magbukas ng panloob na operasyon na hindi magagawa nang malayuan ay dapat na limitahan ang panloob na pag-okupa bilang sumusunod. Maliban kung ang lahat ng mga kawani sa isang opisina na lugar ng negosyo ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19[2], ang bilang ng mga empleyado sa kinakailangang mga negosyo na nakabatay sa opisina ay nilimitahan sa anumang iisang panahon, nang sa gayon ang mga empleyado ay madaling nakapagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa isa't isa sa lahat ng oras na magagawa ito, ngunit sa walang kaso ay hihigit sa 75% ng pinakamaraming pag-okupa sa opisina na lugar ng negosyo.
  - Ang pinakamaraming bilang ng mga empleyado sa pasilidad ay nilimitahan sa: ____________________
  - Ang pinakamaraming bilang ng mga empleyado sa pasilidad kada palapag ay nilimitahan sa: ____________________
- ❑ Ang mga negosyo na nakabase sa opisina na nakapagkumpirma at nakapagdokumento na ang lahat ng mga empleyado, mga kontraktor at mga taong regular na naroon sa isang negosyo na nakabase sa opisina ay ganap nang nabakunahan ay hindi na kailangan na sumunod sa mga inaatas ng pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga empleyado/kawani. Gayunpaman, ang mga inaatas sa pisikal na pagdistansya ay dapat na may bisa para sa sinumang kawani na nakipag-ugnayan sa mga bisita sa opisina tulad ng mga tauhan sa paghahatid, mga tagapagtinda o mga kostumer.
- ❑ Ang mga empleyado na nasa mga ganap nang nabakunahang opisina ay dapat na patuloy pa ring sumunod sa lahat ng iba pang mga inaatas sa protokol na ito, kabilang ang pagsusuot ng mga maskara habang nasa lugar at pagkumpleto ng araw-araw na pagsusuri sa síntomas bago pumasok sa lugar ng trabaho.
  - Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang

---

[2] Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

- Ang mga sumusunod ay tinatanggap na ipakita ng mga empleyado sa kanilang employer bilang patunay ng ganap na pagbabakuna para sa COVID-19: Card sa pagbabakuna (na may kasamang pangalan ng taong binakunahan, uri ng bakuna na ibinigay at petsa ng huling pagbigay ng dosis) O isang larawan ng card sa pagbabakuna bilang isang hiwalay na dokumento O isang larawan ng card sa pagbabakuna ng tumanggap nito na itinabi sa isang telepono o elektronikong aparato O dokumentasyon ng ganap na pagbabakuna mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o healthcare provider (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan at kumukumpirma na ang tao ay ganap nang nabakunahan para sa COVID-19).
- Para sa mga ganap nang nabakunahang empleyado na nakapagpakita ng patunay ng kanilang ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19, ang employer ay dapat na lumikha at magtabi ng isang nakasulat na rekord na nagdodokumento na ang bawat isa sa mga empleyadong ito ay nakapagpakita sa kanila ng katanggap-tanggap na patunay ng ganap na pagbabakuna. Hindi kailangan ng employer na magtabi ng isang kopya ng patunay ng ganap na pagbabakuna na ipinakita sa kanila.

- ❑ Ang tape o iba pang pangmarka ay inilagay sa hindi bababa sa 6 na talampakang sukat na layo saan mang lugar kung saan ang mga indibidwal ay maaaring pumila, sa parehong loob ng lugar ng trabaho at labas ng mga pampublikong pasukan nito, na may mga karatula o palatandaan na dinideriktahan ang mga empleyado at bisita na gamitin ang mga marka para mapanatili ang distansya.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga kostumer, sa mga bisita at sa isa't isa; maaaring lumapit ng saglit ang mga empleyado kapag kailangan na tumanggap ng bayad, magdeliber ng mga paninda o serbisyo, o kung kinakailangan.
- ❑ Ang kapasidad ng elebeytor ay nilimitahan sa bilang ng mga tao na maaaring maisakay habang pinapanatili ang 6 na talampakang pisikal na distansya sa pagitan ng mga nakasakay; sa mga oras na pinakamarami ang pumapasok at lumalabas sa gusali (peak times), ang bilang na ito ay maaaring baguhin sa 4 na indibidwal o mas kaunti pa sa isang panahon para sa anumang elebeytor na hindi maaaring gawin ang 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga nakasakay. Ang lahat ng mga nakasakay ay inuutusan na magsuot ng mga maskara sa mukha. Isaalang-alang ang mga sukat ng elebeytor, bilang ng mga palapag ng gusali, at ang araw-araw na bilang ng mga empleyado at bisita para makabuo ng mga gabay sa pisikal na pagdidistansya na angkop para sa mga sumasakay ng elebeytor.
- ❑ Para pagaanin ang daloy ng mga sumasakay sa elebeytor, ang mga hagdanan ay binuksan na para sa mga taong "tataas" o "bababa" na may dinagdagang paglilinis sa mga nasabing hagdanan.
- ❑ Ang kasangkapang pambahay o furniture na bukas sa publiko (hal. lugar ng tanggapan o lugar ng hintayan) ay pinaghiwalay para masuportahan ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga bintana ng customer service o mga counter ng tanggapan (reception) ay pinaghiwalay ng 6 na talampakan para mapanatili ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga lugar ng trabaho, mga kubiko, atbp., ay binago ang disenyo para masiguro ang anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga empleyado.
- ❑ Ang mga lugar na karaniwang may mga tao (hal. mga silid ng panandaliang pahinga at kusina) ay sarado o nirestriktuhan, gamit ang mga harang, o sa pamamagitan ng pagdadagdag ng pisikal na distansya sa pagitan ng mga mesa/upuan sa mga silid ng panandaliang pahinga at kusina kung saan ang mga tauhan ay malamang na magtipon-tipon at maghalubilo.
- ❑ Ang mga empleyado ay hindi hinihikayat na magtipon-tipon sa anumang lugar, lalong-lalo na sa mga lugar na karaniwang may tao o mga lugar na may maraming tao gaya ng mga silid ng panandaliang pahinga, banyo, pasilyo at hagdanan.
- ❑ Hangga't maaari, ang daloy ng mga tao sa loob ng lugar ng trabaho ay binago para mabawasan ang kontak (hal. mga pintuan na para sa pasukan at labasan lamang; mga pasilyo o daanan na may direksyon ay itinatag para sa paglalakad na nakapag-iiwas sa mga empleyado na madaanan o lagpasan ang isa't isa).
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na ihinto ang pagkamay (handshake) o iba pang anyo ng pagbati na lumalabag sa pisikal na pagdistansya.

Retirado - Wala ng Epekto

- ❑ Ang mga harapang pagpupulong (in-person meeting) ay mariing hindi hinihikayat pabor sa mga birtuwal na pagpupulong. Kung ang mga harapang pagpupulong ay ginanap sa loob sa isang kapaligiran na nakabase sa opisina, ang mga pagpupulong na ito ay dapat na limitahan sa 50% ng pag-okupa ng silid sa pagpupulong o pinakamarami na 50 tao, alinman ang mas kaunti. Ang lahat ng mga lumalahok ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha sa buong tagal ng pagpupulong. Maliban kung ang lahat ng mga dumadalo sa pagpupulong ay ganap nang nabakunahan, ang lahat ng dumadalo sa pagpupulong ay dapat na madaling makapagpanatili ng pisikal na pagdistansya na 6 na talampakan o higit pa mula sa iba pang mga dumadalo.
- ❑ Ang hindi kinakailangang paglalakbay sa negosyo na labas sa estado ay hindi pa rin inirerekomenda.

## C. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Ang sistema ng HVAC ay nasa mabuti, gumaganang ayos; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para kontrolin ang maliit na transmisyong aerosol. Isaalang-alang ang pagkakabit ng epektibo na mga air cleaner, pagtaas sa mga uri ng air filter ng gusali sa pinakamahusay hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hangin mula sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo. Tingnan ang Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasala at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health Interim Guidance for Ventilation, Filtratior and Air Quality in Indoor Environments) para sa detalyadong impormasyon.
  - o Mangyaring Tandaan: Ang bentilasyon at iba pang panloob na mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin (air quality) ay isang karagdagan sa, at hindi pamalit para sa, mga inuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha (maliban sa mga tiyak na kapaligiran na may mataas na panganib na nangangailangan ng paggamit ng wastong proteksyon sa palahingahan), pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, madalas na paghuhugas ng mga kamay, at paglilimita sa mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao na mula sa magkakaibang sambahayan.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa pagpasok (entry screenings) ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa sa loob o labas na mga lugar ng pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa lagnat o panggiginaw, ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, biglaang pagkawala ng panlasa o pang-amoy at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine (tingnan ang Gabay ng Pagsusuri sa Pasukan ng County). Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga ganitong sintomas ay hindi dapat pumasok sa lugar.
  - o Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
  - o Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
    - ▪ Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 at nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
    - ▪ Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.

Retirado - Wala ng Epekto

- ❑ Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain o umiinom, kung naaangkop) habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga adulto at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal na inutusan ng kanilang medical provider na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng face shield na may drape sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang drape na fom-fitting sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang maskara sa mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- ❑ Ang paglilinis ng kabuuang espasyo ng opisina ay kinukumpleto araw-araw.
- ❑ Hangga't maaari, ang mga pintuan, basurahan, atbp. ay hindi na hinahawakan.
- ❑ Ang mga karaniwang lugar at madalas na nahahawakang bagay tulad ng mga mesa, mga hawakan ng pinto, mga switch ng ilaw, mga ibabaw ng counter, mga hawakan, mga telepono, mga keyboard, mga switch at pindutan ng elebeytor, mga touch screens, mga printers/copiers, at mga handrail ay dinidisimpekta minsan kada araw gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga tagubilin ng tagagawa para sa paggamit.
- ❑ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ______________________________________________________________________

- ❑ Ang mga sistema sa pagbabayad na walang kontak ay naisaayos na, kung hindi ito maaari, ang mga sistema sa pagbabayad ay lubos na nililinis o sina-sanitize minsan kada araw. Ilarawan:

  ______________________________________________________________________

- ❑ Kung praktikal, ang mga lugar ng customer service o lugar ng tanggapan (reception) ay may mga plastik na harang na nakakabit para limitahan ang kontak sa pagitan ng mga empleyado at mga kostumer/bisita.
- ❑ Hangga't maaari, ang mga bisita sa lugar ng trabaho ay sa pamamagitan ng appointment lamang at pauna nang nakarehistro sa visitor log na kasama ang pangalan ng bisita, numero ng telepono at email address. Ang mga bisita ay inuutusan na pumunta ng mag-isa sa kanilang mga appointment. Kung ang bisita ay dapat na samahan ng isa pang tao (hal., para sa tulong ng pagsasalin, o dahil ang bisita ay isang menor-de-edad o may mga menor-de-edad na anak), ang kanilang impormasyon ay makukuha sa visitor log.
- ❑ Hangga't maaari, ang galaw ng mga bisita sa lugar ng trabaho ay limitado sa mga itinalagang lugar gaya ng lugar ng tanggapan (reception) o lobby, lugar ng serbisyong parokyano, mga silid sa komperensya o pagpupulong at mga pampublikong banyo.
- ❑ Kung kinakailangan, ang mga kawani (staff) ay naroon para dalhin ang mga bisita sa mga silid ng pagpupulong o meeting rooms sa mismong oras ng pagpasok sa lugar ng opisina sa halip na magtipon-tipon sa mga lobby o mga lugar na karaniwang may tao.
- ❑ Ang mga bisitang dumarating sa lugar ng trabaho na may mga batang kasama ay dapat na siguraduhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang, iwasan ang paghawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at naka-takip ang mukha kung tama na ang edad.
- ❑ Ang mga banyo na karaniwang bukas sa publiko ay nananatiling bukas sa publiko kung ang publiko ay maaaring makapasok sa pasilidad.
- ❑ Ang hand sanitizer, sabon at tubig, mga tisyu at mga basurahan ay magagamit ng publiko na nasa pasukan o malapit sa pasukan ng pasilidad, sa tanggapan, at saanman sa loob ng lugar ng trabaho o sa mismong labas kung saan ang mga tao ay may direktang pakikisalamuha.
- ❑ Ang mga silid ng panandaliang pahinga, mga banyo, at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay dinidisimpekta sa dalas na nakalista sa ibaba ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw, sa sumusunod na schedule:

Retirado - Wala ng Epekto

Retirado - Wala ng Epekto

- Mga Silid ng Panandaliang Pahinga: ______________________________
- Mga Banyo: ______________________________
- Iba pa: ______________________________

- ❑ Ang imprastraktura ng gusali na sumusuporta sa pagbyahe gamit ang bisikleta ay bukas at ang kapasidad sa pagtatabi ng bisikleta ay dinagdagan kung maaari.
- ❑ Ang pagsasalo-salo sa mga pangkaing pang-komunidad ay ipinagbabawal.
- ❑ Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang (hal. pagkakaloob ng mga oras na para sa mga matatanda o senior lamang):

  ______________________________________________________________

## D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito, o kung naaangkop, ang nailimbag na Sertipiko ng Pagsunod sa Kaligtasan sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng LA County na nasa pasilidad ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa pagpapatunay ng sarili (self-certification) para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsisyasat, sa oras na hilingin.
- ❑ Karatula o signage ay ipinaskil na upang magbigay ng malinaw na gabay sa publiko tungkol sa kung paano panatilihin ang kaligtasan sa loob ng pasilidad (hal. pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya, pagsusuot ng maskara sa mukha, atbp.) Tingnan ang Patnubay sa COVID-19 ng County DPH: http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/guidances.htm#business para sa mga karagdagang resources at mga halimbawa ng karatula na maaaring gamitin ng mga negosyo.
- ❑ Karatula o signage ay ipinaskil sa bawat pampublikong pasukan ng pasilidad para ipagbigay-alam sa lahat ng mga empleyado at bisita na dapat nilang: Iwasang pumasok sa pasilidad kung sila ay may ubo o lagnat.
- ❑ Ang mga bilihan sa online ng lugar ng trabaho (website, social media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa mga oras ng operasyon, kailangang paggamit ng mga maskara sa mukha, mga patakaran tungkol sa paggawa ng appointment, at iba pang may kaugnayang mga isyu.

## E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer ay binigyang prayoridad.
- ❑ Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok nang malayuan (remotely) ay inilipat sa on-line.
- ❑ Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga paninda at serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

**Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na nakalista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:**

**Pangalan ng Kontak ng Negosyo:** ____________________

**Numero ng telepono:** ____________________

**Petsa na Huling Nirebisa:** ____________________

Retirado - Wala ng Epekto